

ISSN 2244-4351
NO. 04-2014 . FILIPINO

PCC INFO COMICS

# May Magandang Bukas sa PAGGAGATAS





Ang babasahing ito ay binuo upang maipaliwanag namin sa inyo ang hatid na tulong-pinansiyal ng paggagatas at ang magandang idinudulot nito sa pagpapaangat ng antas ng ating pamumuhay.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng babasahing ito ay mas mauunawaan ninyo na malaki ang naitutulong ng paggagatas tungo sa magandang kinabukasan ng pamilya.



**Arnel N. Del Barrio**
Acting Executive Director



Pangalawang Edisyon 2014 | Philippine Carabao Center ©

Babasahing ginawa ng Knowledge Resource Management Division-Applied Communication Section na kinabibilangan nina: Rowena Galang-Bumanlag | Khrizie Evert Marcelo-Padre | Joahna G. Goyagoy | Ma. Cecilia C. Irang | Eric P. Palacpac

# MAY PERA SA GATAS




HABANG NAGHAHANAP SIYA NG ISANG TAONG MAI-INTERVIEW, NASALUBONG NIYA SI MR. NILO BUENOS NA PAPAUWI SA KANYANG BAHAY.
MAGANDANG UMAGA PO. AKO PO SI CARLO AGUSTIN, MIYEMBRO NG UNLAD KABUHAYAN FOUNDATION, ISANG GRUPO NA NAGSASAGAWA NG SURVEY TUNGKOL SA MGA IKINABUBUHAY NG MGA TAO DITO SA NUEVA ECIJA. MAAARI PO BA KAYONG MA-INTERVIEW?
OO. AKO NAMAN PALA SI NILO BUENO.
MANG NILO MARAMI PALANG KALABAW SA LUGAR NINYO. GINAGAMIT PO BA ANG MGA ITO SA PAGSASAKA?
HINDI NAMAN LAHAT. IYONG IBA, GINAGATASAN AT IPINAGBIBILI ANG GATAS. HALIKA, DITO TAYO SA LIKOD BAHAY NAMIN AT DOON NATIN ITULOY ANG INTERVIEW MO.


SA INYO PO BA ANG MGA KALABAW NA IYAN?
OO. IYAN ANG MGA GINAGATASAN KONG KALABAW AT IPINAGMAMALAKI KONG SABIHIN NA ANG MGA ITO ANG BUMUBUHAY SA AKING PAMILYA.


GAANO PO KARAMING GATAS ANG NAKUKUHA NINYO SA ISANG KALABAW?


ANG KALABAW NA NALAHIAN NG LAHING MURRAH O ANG TINATAWAG NA MESTISA O CROSSBRED, UMAABOT NG 4 HANGGANG 5 NA LITRO. ANG NATIVE O TAGALOG, ISA HANGGANG 2 LITRO LANG.


MAGKANO NAMAN PO ANG INYONG KINIKITA MULA SA GATAS NA NAKUKUHA NINYO?
KUNG BILHIN KASI DITO SA AMIN NG NAMAMAKYAW AY 13 PESOS ANG ISANG BOTENG BILOG, BALE ANG ISANG LITRO AY LUMALAMAN NG MAHIGIT SA 3 BILOG NA BOTE. UMAABOT DIN SA P200 HANGGANG P300 ANG KITA SA ISANG ARAW. PERO MINSAN KAUNTI LANG ANG NAIBIBIGAY NA GATAS KAYA MABABA ANG KITA.
NAKATULONG PO BA ITO NG MALAKI SA INYO?
ABA OO. SA KATUNAYAN NGA, NOONG ILANG NAKARAANG TAON, NAKAPAGPATAPOS KAMI NG APAT NA ANAK SA KOLEHIYO SA MAYNILA SA TULONG NG GATAS NG MAHIGIT SA 10 KALABAW. SA NGAYON, MAYROON PA KAMING ISANG ANAK NA NAG-AARAL SA KOLEHIYO.
DUMATING SI ALING MINDING, ANG NAMAMAKYAW NG GATAS.
MAGANDANG UMAGA PO, MANG NILO. KUKUNIN KO NA PO ANG MGA GATAS.
MAGANDANG UMAGA NAMAN. BINING, NANDITO NA SI ALING MINDING...PASOK KA MUNA AT ISASALIN PA NI BINING ANG GATAS SA MGA BOTE.


HALIKA DITO SA LOOB, MINDING, AT TAPOS NA ANG PAGSASALIN KO SA MGA BOTE.
TAYO NA SA LOOB, MR. AGUSTIN PARA MAKITA MO ANG PAGBIBILIHAN NG GATAS.
PUMASOK SILA SA LOOB...
ILANG BOTE PO ANG NAKUHA NINYO ALING BINING? BALE MAGKANO PO ANG KIKITAIN NINYO NGAYON?
BALE 25 BOTE. UMAABOT LANG ITO NG 300 PESOS. MINSAN, UMAABOT NG 30 HANGGANG 32 BOTE.


ALING MINDING, GAANO NA PO KAYO KATAGAL SA PAMIMILI NG GATAS?
MAY KATAGALAN NA RIN. NAKITA KO KASI NA MAHIRAP PARA SA MGA NAGGAGATAS DITO SA BARYO NA PUMUNTA PA SILA SA BAYAN UPANG DALHIN ANG GATAS. KAYA, NAISIPAN KONG AKO NA LANG ANG BIBILI SA KANILA AT MAGDADALA SA BAYAN. PUMAYAG NAMAN SILA.
MAGKANO NAMAN PO ANG KINIKITA NINYO MULA DITO?
SA ISANG LITRO, TATLO HANGGANG APAT NA PISO, AT MINSAN UMAABOT NG MAHIGIT SA 40 LITRO ANG NAKUKUHA KO, KAYA KUMIKITA AKO NG MAHIGIT SA ISANDAANG PISO. MALAKI NA RING TULONG ITO SA AMIN, PAMBILI NG BIGAS AT PAMBAON NG MGA BATA.


GANOON PO BA?MANG NILO, ALING BINING, MAY ILANG TAON NA PO KAYONG NAGGAGATAS?


NAG-UMPISA ITO NOONG NAG-ASAWA AKO...BUMILI KAMI NG ISANG BABAING KALABAW NA GINAMIT KONG PANTRABAHO SA BUKID. NATUTO LANG AKONG MAGGATAS NITONG TAONG 2000. NAGPA-SEMINAR DITO ANG ISANG GRUPO TUNGKOL SA MGA KALABAW AT DOON NGA NATUTO NG IKINABUBUHAY NAMIN SA LOOB NG SIGURO, MAHIGIT SA 10 TAON NA.


CARABAO UPGRADING PROGRAM (UNLAD LAHI)


NAPANSIN KO RIN PO NA MEDYO KAIBA YATA ANG MGA KALABAW DITO. MAS MALAKI AT MAITIM ANG BALAT KUNG IKUKUMPARA SA ORDINARYONG KALABAW.
OO, KASI NALAHIAN NA ANG MGA KALABAW DITO NG LAHING MURRAH NA MAY KATANGIANG PANGGATASAN. RESULTA RIN YAN NG MGA PROYEKTO NG ATING GOBYERNO SA PAGPAPAUNLAD NG LAHI NG MGA KALABAW SA PANGUNGUNA NG PHILIPPINE CARABAO CENTER O PCC NA NASA MUÑOZ, NUEVA ECIJA.
PCC
ARTIFICIAL INSEMINATION SERVICES
MARAMING SALAMAT PO MANG NILO! MARAMI PO AKONG NAKUHANG MAGAGANDANG IMPORMASYON SA INYO.
WAKAS

# MGA SANGAY NG PCC

**DIR. GRACE MARJORIE R. RECTA**
PCC at Mariano Marcos State University,
Batac City, Ilocos Norte
Tel. No.: (63) 077.792.3187 | CP No.: 0927.965.5724
E-mail: gmrrecta@yahoo.com | pccmmsu@gmail.com

**DIR. FRANKLIN T. RELLIN**
PCC at Cagayan State University
Tuguegarao City, Cagayan
CP No.: 0916.752.8507
E-mail: pccpiat07@yahoo.com

**DIR. GLORIA M. DELA CRUZ**
PCC at Don Mariano Marcos Memorial
State University, Rosario, La Union
Tel. No.: (63) 072.712.0118
CP No.: 0928.355.6029 / 0908.864.9975
E-mail: pccdmmmsu95@yahoo.com

**DR. EDWIN C. ATABAY**
PCC at Central Luzon State University
Science City of Muñoz, Nueva ecija
Tel. No.: (63) 044.456.5238
E-mail: pccclsu@yahoo.com

**DR. ROSALINA M. LAPITAN**
PCC at University of the Philippines
at Los Baños, Laguna
Tel. No.: (63) 049.536.2729
E-mail: pccuplb@gmail.com

**DR. JULIUS V. ABELA**
PCC at Visayas State University
VISCA, Baybay City, Leyte
Tel. No.: (63) 053.335.2648
E-mail: pccvsu@gmail.com

**DIR. ARN D. GRANADA**
PCC at West Visayas State University
Calinog, Iloilo
Tel. No.: (63) 033.320.2445
E-mail: pccwvsu@yahoo.com

**DIR. ARIEL L. ABAQUITA**
PCC at La Carlota Stock Farm
La Granja, La Carlota City, Negros Occidental
Tel. No.: (63) 034.735.0121
E-mail: pcclcsf@yahoo.com


**DR. CARO B. SALCES**
PCC at Ubay Stock Farm
Ubay, Bohol
Tel. No.: (63) 038.518.5598
E-mail: pccusf.ubay@yahoo.com

**DR. CECELIO G. VELEZ**
PCC at Mindanao Livestock Production Complex
Kalawit, Zamboanga del Norte
CP No.: 0918.919.4473
E-mail: cecelio_71@yahoo.com | pcc-mlpc09@yahoo.com

**DR. LOWELL C. PARAGUAS**
PCC at Central Mindanao University
Maramag, Bukidnon
CP No.: 0939.133.9815
E-mail: pccmusuan@yahoo.com

**DR. JANE B. TRANQUILAN**
PCC at Mindanao State University, Marawi City, Lanao del Sur
CP No.: 0927.989.9547
E-mail: msu_pcc@yahoo.com | janetranquilan@yahoo.com

**DIR. BENJAMIN JOHN C. BASILIO**
PCC at University of Southern Mindanao
Kabacan, North Cotabato
Tel. No.: (63) 064.248.2250 | CP No.: 0919.397.0872
E-mail: usm_pcc@yahoo.com



**DR. ARNEL N. DEL BARRIO**
National Headquarters and Gene Pool
Science City of Muñoz, 3120, Nueva Ecija
Philippines
Tel. No.: (63) 044. 4560. 0731 to 34
Fax no.: (63) 044. 4560. 0730
E-mail: pcc-oed@mozcom.com

Department of Agriculture
**PHILIPPINE CARABAO CENTER**
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

National Headquarters and Gene Pool
Science City of Muñoz, 3120, Nueva Ecija
Philippines
Tel. No.: (63) 044. 4560. 0731 to 34
Fax no.: (63) 044. 4560. 0730
E-mail: pcc-oed@mozcom.com
pcc-oed@yahoo.com

www.pcc.gov.ph